

TUTOR'S GUIDE

ARAL-READING BASIC

KEY
STAGE

3



Government Property
NOT FOR SALE



ARAL-Reading Basic Tutor's Guide

Key Stage 3

This material is solely for tutors' use in the Academic Recovery and Accessible Learning (ARAL) Program. It is designed to support the delivery of curriculum content, standards, and lesson objectives.

Any unauthorized reproduction, distribution, modification, or utilization of this material without written permission from the Department of Education may result in appropriate legal action and disciplinary measures.

Fair Use Notice: Certain copyrighted materials included in this resource are used solely for educational purposes in accordance with the fair use provisions under Section 185 of the Intellectual Property Code of the Philippines (Republic Act No. 8293, as amended). All rights remain with their respective copyright owners. Any use of these materials beyond teaching under the ARAL Program, including reproduction, distribution, adaptation, or other forms of exploitation, may require prior permission from the respective copyright owners.

Every care has been taken to ensure the accuracy of the information provided in this material. For inquiries or feedback, please call the Office of the Director of the Bureau of Learning Resources via telephone numbers (02) 8634-1072 and 8631-6922 or send an email to blr.od@deped.gov.ph.

Published by the Department of Education

Secretary: Sonny M. Angara

Undersecretary: Carmela C. Oracion

Department of Education – Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Office Address: Ground Floor, Bonifacio Building, DepEd Complex

Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (02) 8634-1054; 8634-1072; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph; blr.lrpd@deped.gov.ph





Table of Contents

Week 1		4
Week 2		12
Week 3		21
Week 4		32
Week 5		50
Week 6		70
Week 7		83
Week 8		97





ARAL-Reading	☒ Basic	KEY STAGE	☐ 2 ☒ 3	Intervention Week	1
Focus	Word Concept (print carries meaning: word boundaries)			Language	☒ Filipino ☐ English

MGA PAMAMARAAN SA PAGTUTURO (TUTORIAL PROCEDURES)				
	UNANG SESYON (SESSION ONE)	IKALAWANG SESYON (SESSION TWO)	IKATLONG SESYON (SESSION THREE)	IKAAPAT NA SESYON (SESSION FOUR)
Pokus na mga Titik, Tunog at Salita (Focus Letter/Sound/Word)	Mga Titik: Mm, Ss, Aa, li	Mga Titik: Mm, Ss, Aa, li, Oo	Mga Titik: Mm, Ss, Aa, li, Oo, Ee	Mga Titik: Mm, Ss, Aa, li, Oo, Ee, Bb
Mga Layunin (Objectives)	1. Natutukoy at nabibigkas ang tunog ng titik Mm, Ss, Aa at li sa pamamagitan ng pakikinig at pag-uulit. 2. Naisusulat nang maayos ang anyo ng malaki at maliit na titik Mm, Ss, Aa at li. 3. Nakapagbibigay ng mga salita at kahulugan nito na nagsisimula sa tunog /m/, /s/, /a/, /i/. 4. Nakababasa ng mga salitang binubuo ng titik m, s, a, i. 5. Naisasagawa nang may kasiyahan ang mga interaktibong gawain sa pagpapalalim ng	1. Natutukoy at nabibigkas ang tunog ng titik Mm, Ss, Aa, li at Oo sa pamamagitan ng pakikinig at pag-uulit. 2. Naisusulat nang maayos ang anyo ng malaki at maliit na titik Mm, Ss, Aa, li at Oo. 3. Nakapagbibigay ng mga salita at kahulugan nito na nagsisimula sa tunog /m/, /s/, /a/, /i/, /o/. 4. Nakababasa ng mga salitang binubuo ng titik m, s, a, i, o. 5. Naisasagawa nang may kasiyahan ang mga interaktibong gawain sa	1. Natutukoy at nabibigkas ang tunog ng titik Mm, Ss, Aa, li, Oo, at Ee sa pamamagitan ng pakikinig at pag-uulit. 2. Naisusulat nang maayos ang anyo ng malaki at maliit na titik Mm, Ss, Aa, li, Oo at Ee. 3. Nakapagbibigay ng mga salita at kahulugan nito na nagsisimula sa tunog /m/, /s/, /a/, /i/, /o/, /e/. 4. Nakababasa ng mga salitang binubuo ng titik m, s, a, i, o, e. 5. Naisasagawa nang may kasiyahan ang mga interaktibong gawain sa	1. Natutukoy at nabibigkas ang tunog ng titik Mm, Ss, Aa, li, Oo, Ee at Bb sa pamamagitan ng pakikinig at pag-uulit. 2. Naisusulat nang maayos ang anyo ng malaki at maliit na titik Mm, Ss, Aa, li, Ee, Oo, at Bb. 3. Nakapagbibigay ng mga salita at kahulugan nito na nagsisimula sa tunog /m/, /s/, /a/, /i/, /o/, /e/, /b/. 4. Nakababasa ng mga salitang binubuo ng titik m, s, a, i, o, e, b. 5. Naisasagawa nang may kasiyahan ang mga interaktibong gawain sa





	pagkatuto sa mga titik m, s, a, i gamit ang <i>flashcards</i> o larong pagtutugma.	pagpapalalim ng pagkatuto sa mga titik m, s, a, i, o gamit ang <i>flashcards</i> o larong pagtutugma.	pagpapalalim ng pagkatuto sa mga titik m, s, a, i, o, e gamit ang <i>flashcards</i> o larong pagtutugma.	pagpapalalim ng pagkatuto sa mga titik m, s, a, i, o, e, b gamit ang <i>flashcards</i> o larong pagtutugma.
Mga Kagamitan (Materials)	<i>Flashcards</i> , larawan, telebisyon, laptop at iba pang kagamitan sa pagtuturo.	<i>Flashcards</i> , larawan, telebisyon, laptop at iba pang kagamitan sa pagtuturo.	<i>Flashcards</i> , larawan, telebisyon, laptop at iba pang kagamitan sa pagtuturo.	<i>Flashcards</i> , larawan, telebisyon, laptop at iba pang kagamitan sa pagtuturo.
Panimula at Sosyo-Emosyonal na Gawain (Opening Routine and Socio-Emotional Warm-Up) 5 min	Pagpapasigla ng Damdamin at Ehersisyo sa Paghinga - Magsimula sa pagbati sa mga mag-aaral: “Magandang umaga! Kamusta kayo ngayon?” - Ipakita ang <i>chart</i> ng damdamin o mga <i>emoji card</i> (masaya, malungkot, excited, pagod, nag-aalala). Tanungin sila: “Anong nararamdaman mo ngayon?” - Pahintulutan silang ituro o sabihin ang kanilang nararamdaman. - Pangunahan ang ehersisyo sa paghinga	Pagpapasigla ng Damdamin at Ehersisyo sa Paghinga - Magsimula sa pagbati sa mga mag-aaral: “Magandang umaga! Kamusta kayo ngayon?” - Ipakita ang <i>chart</i> ng damdamin o mga <i>emoji card</i> (masaya, malungkot, excited, pagod, nag-aalala). Tanungin sila: “Anong nararamdaman mo ngayon?” - Pahintulutan silang ituro o sabihin ang kanilang nararamdaman. - Pangunahan ang ehersisyo sa paghinga	Pagpapasigla ng Damdamin at Ehersisyo sa Paghinga - Magsimula sa pagbati sa mga mag-aaral: “Magandang umaga! Kamusta kayo ngayon?” - Ipakita ang <i>chart</i> ng damdamin o mga <i>emoji card</i> (masaya, malungkot, excited, pagod, nag-aalala). Tanungin sila: “Anong nararamdaman mo ngayon?” - Pahintulutan silang ituro o sabihin ang kanilang nararamdaman. - Pangunahan ang ehersisyo sa paghinga	Pagpapasigla ng Damdamin at Ehersisyo sa Paghinga - Magsimula sa pagbati sa mga mag-aaral: “Magandang umaga! Kamusta kayo ngayon?” - Ipakita ang <i>chart</i> ng damdamin o mga <i>emoji card</i> (masaya, malungkot, excited, pagod, nag-aalala). Tanungin sila: “Anong nararamdaman mo ngayon?” - Pahintulutan silang ituro o sabihin ang kanilang nararamdaman. - Pangunahan ang ehersisyo sa paghinga





	gamit ang pagsunod sa mga daliri: <i>"Sundan ang hugis ng iyong kamay gamit ang daliri ng kabilang kamay. Huminga nang malalim kapag pataas ang galaw ng daliri at huminga palabas kapag pababa."</i> • Tapusin sa isang mabilis na tsek: "Pumalakpak ng dalawang beses kung handa ka nang matuto!"	gamit ang pagsunod sa mga daliri: <i>"Sundan ang hugis ng iyong kamay gamit ang daliri ng kabilang kamay. Huminga nang malalim kapag pataas ang galaw ng daliri at huminga palabas kapag pababa."</i> • Tapusin sa isang mabilis na tsek: "Pumalakpak ng dalawang beses kung handa ka nang matuto!"	gamit ang pagsunod sa mga daliri: <i>"Sundan ang hugis ng iyong kamay gamit ang daliri ng kabilang kamay. Huminga nang malalim kapag pataas ang galaw ng daliri at huminga palabas kapag pababa."</i> • Tapusin sa isang mabilis na tsek: "Pumalakpak ng dalawang beses kung handa ka nang matuto!"	gamit ang pagsunod sa mga daliri: <i>"Sundan ang hugis ng iyong kamay gamit ang daliri ng kabilang kamay. Huminga nang malalim kapag pataas ang galaw ng daliri at huminga palabas kapag pababa."</i> • Tapusin sa isang mabilis na tsek: "Pumalakpak ng dalawang beses kung handa ka nang matuto!"
Pakikinig at Pagpapaunlad ng Wika Gamit ang Pagkukuwento (Listening and Language Development through Storytelling) 10 min	Itanong: Nakakita ka na ba ng payong? Saan ginagamit ang payong? Bakit mahalaga ang payong sa buhay ng tao? Basahin ang maikling kuwento ng "Ang Hiwaga ng Pulang Payong" na sinulat ni Ma. DC. Corpuz at ginuhit ni Grace S. Sayson mula sa Deped Manila E-Library. Mga Gabay na Tanong:	Itanong: Mahilig ka ba sa aso at pusa? Ano ang iyong napansin na pagkakaiba nila? Basahin ang maikling kuwento ng "Ang Aso at Pusa" na sinulat ni Joseph Aragon. Mga Gabay na Tanong: 1. Ano ang ginagawa ng aso? Pusa? 2. Bakit nag-away ang aso at pusa?	Ipakita ang larawan ng sumbrero at itanong kung ano ang mayroon sa isang sumbrero at bakit ito laging sinusuot. Basahin ang kuwento ng "Pambihirang Sumbrero" na sinulat ni Genaro G. Cruz. Mga Gabay na Tanong 1. Sino ang mga tauhan sa kuwento? 2. Ano ay mayroon sa sumbrero?	Masdan ang larawan ng Lola. Itanong kung ano ang mayroon sa larawan. Basahin ang kuwento ng "Dalawa Kami ni Lola" na sinulat ni Rhandee Garlitos. Mga Gabay na Tanong: 1. Sino ang nagsasalaysay sa kuwento? 2. Sino ang laging kasama ng bata sa bahay?





	1. Sino-sino ang mga tauhan sa kuwentong binasa ng guro? 2. Bakit mahiwaga ang pulang payong? 3. Saan dinala ng payong si Ana? 4. Paano nakabalik si Ana sa kanilang bahay? 5. Ano ang aral ng kuwentong binasa?	3. Kung ikaw ang pusa/aso, ano ang gagawin mo sa sitwasyon? 4. Ano ang aral o mensaheng nais iparating ng kuwento? 5. Totoo bang hindi magkasundo ang aso at pusa sa totoong buhay? Ipaliwanag.	3. Bakit kaya siya nagiging mas matapang kapag suot ang sombrero? 4. Sa iyong palagay, totoo bang may kapangyarihan ang sumbrero? 5. Ano ang aral ng kuwento?	3. Kung ikaw ang nasa kalagayan ng bata, paano mo pahahalagahan ang iyong lola? 4. Ano ang kahalagahan ng pagkakaroon ng matanda sa pamilya? 5. Sa anong paraan maihahambing ang iyong lola sa lola sa kuwento?
Pagbabalik-aral sa mga Titik at Salita mula sa Nakaraang Sesyon (Letter and Word Review from Previous Sessions) 5 min	• Ipakita ang <i>flashcards</i> na nagpapakita ng malalaki at maliliit na titik ng alpabeto. • Awitin nang sabay-sabay ang “Alpabasa” upang mahasa ang mga mag-aaral sa paggamit ng mga tunog ng mga titik. • Bigkasin ang tunog /a/, /e/, /i/, /o/, /u/ ng tatlong beses at hayaang ulitin ito ng mga mag-aaral.	• Ipakita ang <i>flashcards</i> na nagpapakita ng malalaki at maliliit na titik ng alpabeto. • Awitin nang sabay-sabay ang “Alpabasa” upang mahasa ang mga mag-aaral sa paggamit ng mga tunog ng mga titik. • Bigkasin ang tunog /m/, /s/, /a/, /i/ ng tatlong beses at hayaang ulitin ito ng mga mag-aaral.	• Ipakita ang <i>flashcards</i> na nagpapakita ng malalaki at maliliit na titik ng alpabeto. • Awitin nang sabay-sabay ang “Alpabasa” upang mahasa ang mga mag-aaral sa paggamit ng mga tunog ng mga titik. • Bigkasin ang tunog /m/, /s/, /a/, /i/, /o/ ng tatlong beses at hayaang ulitin ito ng mga mag-aaral.	• Ipakita ang <i>flashcards</i> na nagpapakita ng malalaki at maliliit na titik ng alpabeto. • Awitin nang sabay-sabay ang “Alpabasa” upang mahasa ang mga mag-aaral sa paggamit ng mga tunog ng mga titik. • Bigkasin ang tunog /m/, /s/, /a/, /i/, /o/, /e/ ng tatlong beses at hayaang ulitin ito ng mga mag-aaral.
Tahasang Pagtuturo ng Tunog ng Titik at Gamit ng mga	• Iparinig at Ipakilala ang tunog ng mga titik	• Iparinig at ipakilala ang tunog ng titik /m/, /s/, /a/, /i/, /o/.	• Iparinig at ipakilala ang tunog ng mga titik /m/, /s/, /a/, /i/, /o/, /e/.	• Pagpapalalim ng aralin. • Iparinig nang mabuti ang tunog ng mga titik:





Salita (Explicit Phonics and Word Work Instruction) 15-20 min	/m/, /s/, /a/, /i/. Gamitin ang mga larawan, tunog at awitin. - o "M sabihin /mmm/ tulad ng mama" - o "S sabihin /sss/ tulad ng sapatos" - o "A sabihin /a/ tulad ng aso" - o "I sabihin /i/ tulad ng ilaw" - o Ipagawa ang sabayang pagbigkas sa mga mag-aaral gamit ang ilang halimbawa: - o mata - o saging - o araw - o itlog - o Atasan ang mga mag-aaral na maghanap ng mga kagamitan sa kanilang komunidad na nagsisimula sa titik /m/, /s/, /a/, /i/:	- o Bigkasin Natin : - o /m/ (mahabang "mmm" na umuungol) - o /s/ (mahabang tunog gaya ng ahas – "ssss") - o /a/ (maikli, bukas ang bibig; parang "a" sa "aso") - o /i/ (maikli, parang tunog sa "isda") - o /o/ (maikli, bilugan ang bibig; gaya sa "oras") - o Magpakita ng mga halimbawang larawan na may kaugnayan sa tunog ng mga salitang nagsisimula sa titik m, s, a, i, o. - o Ipasulat ang malaki at maliit na titik Mm, Ss, Aa, Ii at Oo at halimbawa na ibinigay ng guro.	- o Pagpapalalim ng pag-unawa at pagbigkas. - o M /m/ parang tunog ng motor: /m/ - o S /s/ – parang tunog ng ahas: /ssss/ - o A /a/ – bukas ang bibig: /a/ gaya sa aso - o I /i/ – maikli at matinis: /i/ gaya sa isda - o O /o/ – bilog ang bibig: /o/ gaya sa oso - o E /e/ – maikli, parang sa eroplano: /e/ - o Magpakita ng mga halimbawang larawan na may kaugnayan sa tunog ng mga titik m, s, a, i, o, e.	- o M /m/ parang tunog ng motor: /m/ - o S /s/ – parang tunog ng ahas: /ssss/ - o A /a/ – bukas ang bibig: /a/ gaya sa aso - o I /i/ – maikli at matinis: /i/ gaya sa isda - o O /o/ – bilog ang bibig: /o/ gaya sa oso - o E /e/ – maikli, parang sa eroplano: /e/ - o B/b/ — ito ay isang makipot na tunog, ginagawa sa pamamagitan ng pag-ipit ng mga labi at biglang paglabas ng hangin. - o Magbigay ng mga halimbawa at ipabigkas nang mas malakas at malinaw ang mga tunog. - o M - mmm - o S -sss - o A - aaa - o I - iii
--	--	--	--	--





	• Ipasulat ang malaki at maliit na titik Mm, Ss, Aa, li at ang mga halimbawang salita na natutunan sa klase.			○ O - ooo ○ E - eee ○ B – bbb • Itanong: Ano-ano ang mga halimbawa ng larawan na may tunog ng m, s, a, i, o, e, b • Ipasulat sa pisara ang malalaki at malilit na titik Mm, Ss, Aa, li, Oo, Ee, Bb.
Pagsasanay sa Kamalayang Ponolohikal (Phonological Awareness Skill-Building) 10 min	Ipahanay ang mga larawan ayon sa unang tunog. ○ Pangkat ng /m/: mama, mesa, mata ○ Pangkat ng /s/: saging, sapatos, sopa ○ Pangkat ng /a/: aso, apat, ahas ○ Pangkat ng /i/: ilog, isda, isa	Pag-uugnay ng tunog sa karanasan • Hanapin ang larawan na may tunog na /m/, /s/, /a/, /i/, /o/. • Bigkasin ito nang malakas at isulat sa <i>worksheet</i>.	Pag-uugnay ng larawan sa tunog • Ihanay ang larawan na mga sumusunod: Mata, mama, makina Sabon, sako, sapin Aso, abaniko, araw Isda, ilaw, itlog Oso, orasan, okra Eroplano, elepante, estatwa	Bilugan ang mga larawan na angkop sa titik may kaugnayan sa m, s, a, i, o, e, b.
Pagkilala at Pagkatuto ng Sight Words at Pagsasanay ng				





Katatasan sa Pagbasa (Sight Word Recognition and Fluency Practice) 5 min				
Pagpapaunlad ng Katatasan sa Pagbasa at Pag-unawa Gamit ang Laro o Interaktibong Gawain (Fluency and Comprehension through Play-Based Practice) 5 min	Tunog-Banggit-Lukso • Ihanda ang mga titik m, s, a, i sa lapag. • Kailangang lumukso ng mga mag-aaral sa titik na nasa lapag at banggitin ang tunog na babanggitin ng guro.	Hanap-Larawan-Tunog • Gamit ang larawan hayaan ang mga mag-aaral na tukuyin ang kaululang tunog ng mga ito. • Maaaring magbigay ng higit sa sampung larawan.	Tingnan Mo, Isilid Mo Sa Basket Ko • Ipakita ang mga larawan. • Bigyan ng pakakataon ang mga mag-aaral na tingnan kung sa anong angkop na tunog nag-uumpisa ang mga larawan at ilagay sa tamang basket.	I-shoot mo ang Ball • I-shoot ang ball sa basket kung sa nasa palagay mo ay angkop ang tunog na ginamit sa larawan ng makikita. • Bibigkasin nang malakas ang tunog at salita ng nakita sa larawan at i-shoot ito sa basket pagkatapos.
Pagtatapos/ Pagninilay sa Aralin (Closing/ Reflection)	Bigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na sagutin at gawin ang mga sumusunod: 1. Ngayon ay natutunan ko ang mga tunog 2. Ang mga salitang natutunan ko (m, s, a, i) 3. Iwagayway ang mga kamay kung	Bigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na sagutin at gawin ang mga sumusunod: 1. Ngayon ay natutunan ko ang mga tunog 2. Ang mga salitang natutunan ko (m, s, a, i, o) 3. Iwagayway ang mga kamay kung	Bigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na sagutin at gawin ang mga sumusunod: 1. Ngayon ay natutunan ko ang mga tunog 2. Ang mga salitang natutunan ko (m, s, a, i, o, e) 3. Iwagayway ang mga kamay kung	Bigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na sagutin at gawin ang mga sumusunod: 1. Ngayon ay natutunan ko ang mga tunog 2. Ang mga salitang natutunan ko (m, s, a, i, o, e, b) 3. Iwagayway ang mga kamay kung





	naunawaan ang aralin.	naunawaan ang aralin.	naunawaan ang aralin.	naunawaan ang aralin.
Pagpapalalim ng Pagkatuto / Gawain sa Bahay (Enhancement of Learning /Home Reinforcement Activity)	Gawain: Isulat ang mga kagamitan na makikita sa inyong komunidad na nagsisimula sa titik m, s, a, i at isulat ito sa kwaderno. <i>Opsiyonal:</i> Hikayatin ang mag-aaral na basahin muli ang mga salitang natutuhan kasama ang miyembro ng pamilya at magamit sa araw-araw na pakikipag-usap.	Gawain: Isulat ang mga kagamitan na makikita sa inyong komunidad na nagsisimula sa titik m, s, a, i, o at isulat ito sa kwaderno. <i>Opsiyonal:</i> Hikayatin ang mag-aaral na basahin muli ang mga salitang natutuhan kasama ang miyembro ng pamilya at magamit sa araw-araw na pakikipag-usap.	Gawain: Isulat ang mga kagamitan na makikita sa inyong komunidad na nagsisimula sa titik m, s, a, i, o, e at isulat ito sa kwaderno. <i>Opsiyonal:</i> Hikayatin ang mag-aaral na basahin muli ang mga salitang natutuhan kasama ang miyembro ng pamilya at magamit sa araw-araw na pakikipag-usap.	Gawain: Isulat ang mga kagamitan na makikita sa inyong komunidad na nagsisimula sa titik m, s, a, i, o, e, b at isulat ito sa kwaderno. <i>Opsiyonal:</i> Hikayatin ang mag-aaral na basahin muli ang mga salitang natutuhan kasama ang miyembro ng pamilya at magamit sa araw-araw na pakikipag-usap.





ARAL-Reading	☒ Basic	KEY STAGE	☐ 2 ☒ 3	Intervention Week	2
Focus	Aliterasyon (U, T, K, L, N, G)			Language	☒ Filipino ☐ English

MGA PAMAMARAAN SA PAGTUTURO				
	UNANG SESYON (SESSION ONE)	IKALAWANG SESYON (SESSION TWO)	IKATLONG SESYON (SESSION THREE)	IKAAPAT NA SESYON (SESSION FOUR)
Pokus na mga Titik/Tunog/Salita	Titik at Tunog: Uu Sight Word: Ang	Titik at Tunog: Tt Sight Word: Mga	Titik at Tunog: Kk, at Ll Sight Word: Sa	Titik at Tunog: Nn at Gg Sight Words: ito at ay
Mga Layunin	- Nabibigkas nang tama ang tunog ng titik Uu sa mga salita. - Nagagamit ang aliterasyon upang matukoy ang mga salitang nagsisimula o may tunog na Uu. - Nagagamit nang tama ang sight word na Ang sa pagbasa at pagsulat.	- Nakikilala ang mga salitang nagsisimula at may tunog ng titik Tt. - Naipakikita ang tamang pagbigkas ng tunog ng titik Tt sa mga salita at parirala sa pamamagitan ng aliterasyon. - Nagagamit ang sight word na Mga sa pagbasa at pagsulat.	- Nakikilala ang malaki at maliit na titik Kk at Ll. - Naisusulat ang malaki at maliit na titik Kk at Ll. - Nabibigkas nang tama ang tunog ng titik Kk at Ll sa mga salita. - Nagagamit ang sight word na Sa sa mga parirala.	- Nakikilala ang malaki at maliit na titik Nn at Gg. - Naipakikita ang tamang pagbigkas ng tunog ng titik Nn at Gg sa mga salita at parirala sa pamamagitan ng aliterasyon. - Naipakikita ang tamang pagbigkas ng sight words na ito at ay sa mga salita at parirala. - Nagagamit ang mga natutuhang titik at sight words sa pagbuo ng simpleng pangungusap.
Mga Kagamitan	- Flashcards ng titik Uu at sight word Ang - Mga larawan o flashcards ng mga bagay na nagsisimula sa	- Flashcards ng T at sight word Mga - Mga larawan o flashcards na may mga bagay na nagsisimula sa	- Flashcards ng K, L at sight word Sa - Larawan o visual aids na may mga bagay na nagsisimula sa K at L	- Flashcards ng Nn, Gg at sight words ito, Ay - Visual aids/larawan ng mga bagay na nagsisimula sa Nn at Gg





	tunog /u/ (hal. ulo, upuan, ulan) • Notebook o <i>learning journal</i> at panulat • Audio/video ng maikling kuwento o kanta na naglalaman ng tunog /U/ at sight word Ang	tunog /t/ (e.g., tuba, tasa, tambol) • Notebook o <i>position paper</i> para sa pagsasanay	• Learning Activity Sheets para sa pagsasanay • Sipi ng awiting "Leron Leron Sinta" Link: https://tinyurl.com/mvxf5r8f	• Notebook at panulat • Learning Activity Sheets para sa pagsasanay
Panimula at Sosyo-Emosyonal na Gawain 5 min	• Icebreaker: Magiliw na batiin ang mga mag-aaral. Tanungin ang bawat isa ng isang bagay na paborito nila na may tunog /u/ (hal. "Anong paborito mong pagkain na nagsisimula sa titik Uu?"). • Gumamit ng <i>activation phrases</i> tulad ng "Handa akong matuto!" at "Kaya natin ito!" • Turuan din ang mga mag-aaral sa tunog ng /u/ at ang tamang pagsulat nito. Maaaring ipa-trace ito sa pisara o kuwaderno.	• Magiliw na batiin ang mga mag-aaral. • Gawing masaya ang pagsasanay sa pagbigkas ng tunog ng titik /t/ sa pamamagitan ng paggaya ng iba't ibang tunog na nagsisimula sa titik Tt tulad ng tunog ng tren, tambol, at iba pa. • Umpisahan sa pariralang: Ayan na, ayan na, daraan ang ____ (sabihin ang tunog). Halimbawa: Ayan na! Ayan na, daraan ang <u>tren</u> (chug-chug-chug chu-chu) • Turuan din ang mga mag-aaral sa tunog /t/ at ang tamang pagsulat nito. Maaaring ipa-trace	• Magiliw na batiin ang mga mag-aaral. • Gawin ang larong "Simon Says" na nakapokus sa pag-uugnay ng galaw at pagbigkas kasabay ng tunog /k/ at /l/. Halimbawa: Simon says, Kumembot; Simon says, Lumukso ng tatlong beses; Simon says Lumusong tulad ng palaka. Kapag hindi binanggit ang "Simon says" hindi dapat susundin ng mag-aaral ang kilos. • Bigyan ng positibong pambungad na nagtutulak ng kumpiyansa ("Kaya natin 'to!").	• Magiliw na batiin ang mga mag-aaral. • Gawin ang larong <i>Number and Gesture Game</i> sa mga mag-aaral ang <i>flashcard</i> ng titik Nn at Gg. Iparinig sa mga mag-aaral ang tunog nito. • Sabihin sa mga mag-aaral na kapag narinig ang tunog ng /n/, kailangan nilang ikembot ang baywang. Ngunit kung ang narinig naman ang tunog /g/, kailangan nilang tumalon. • Bigyan ng positibong pambungad na nagtutulak ng kumpiyansa ("Kaya natin 'to!").





		ito sa pisara o kuwaderno.	Turuan din ang mga mag-aaral sa tunog ng /k/ at /l/ at ang tamang pagsulat nito. Maaaring ipa-trace ito sa pisara o kuwaderno.	Turuan ang mga mag-aaral sa tunog /n/ at /g/ at ang tamang pagsulat nito. Maaaring ipa-trace ito sa pisara o kuwaderno.
Pakikinig at Pagpapaunlad ng Wika sa pamamagitan ng Pagkukuwento 10 min	- Ipabasa sa mga mag-aaral ang dalawang pangungusap na naglalaman ng mga salitang nagsisimula at may tunog ng titik Uu. - Hikayatin ang mga mag-aaral na tukuyin ang mga salitang may tunog /u/ sa pamamagitan ng pagsagot sa Gawain 1.	- Ipabasa muli ang dalawang pangungusap mula sa Gawain 1 sa unang araw. Maaaring basahin muna ng guro kung kinakailangan. - Tanungin ang mga mag-aaral: <i>Aling mga salita ang ginagamitan ng titik Tt?</i> Basahin nang malakas ang mga salita at ipaulit ito sa mga mag-aaral.	- Ipaawit sa mga mag-aaral ang “Leron Leron Sinta.” Maaaring ipanood sa kanila ang awitin sa pamamagitan ng video link na: https://tinyurl.com/mvxf5r8f - Tanungin ang mga mag-aaral: <i>Ano-anong mga salita ang inyong narinig na nagsisimula sa titik Kk? sa titik Ll?</i> Maaaring isulat sa pisara o sa manila paper ang liriko ng kanta. Dahan-dahang basahin ang mga salita at tanungin ang mga mag-aaral kung aling mga salita ang nagsisimula sa titik Kk at Ll.	- Muling ipaawit o iparinig sa mga mag-aaral ang awiting “Leron Leron Sinta.” Maaaring sabayan ang pag-awit. - Tanungin ang mga mag-aaral: <i>Ano-anong mga salita ang inyong narinig na nagsisimula sa titik Nn? sa titik Gg?</i> Maaaring isulat sa pisara o sa manila paper ang liriko ng kanta. Dahan-dahang basahin ang mga salita at tanungin ang mga mag-aaral kung alin ang mga salitang nagsisimula sa titik Nn at Gg. <i>Alin-alin naman kaya ang may tunog /n/ at /g/ sa gitna o hulihan ng salita?</i> Muling tulungan ang mga mag-aaral. Maaaring sabihin na “Ito kaya? O ito kaya?”





				Habang ginagawa ito ay tulungan silang bigkasin ang mga salita. - Mga salita na nagsisimula at may titik Nn at Gg: ✓ (Nn) - nabali, Neneng ✓ (Gg) - gumising, hinog, lambayog, mahulog - Kung nagiging madali na ito sa mga mag-aaral, subukin naman sila sa tunog ng pinagsamang /n/ at /g/ (Ng) - sanga, Neneng
Pagbabalik-aral sa mga Titik at Salita mula sa Nakaraang Sesyon 5 min	- Balikan ang tunog ng titik Ee. Iparinig at ipabigkas muli ito sa mga mag-aaral. Gayundin ang tunog ng titik Uu. - Tanungin ang mga mag-aaral kung ano ang kanilang napansing pagkakaiba mula sa dalawang tunog (buka ng bibig, posisyon ng dila, at kung ano pa).	- Balikan ang titik Uu at ang tunog nito. Tanungin ang mga mag-aaral: <i>Kung pagsasamahin natin ang titik Uu at Tt, ano kayang mga salita ang maaari nating mabuo?</i> - Magbigay ng mga halimbawa (tuwid, trumpo, tumba, at iba pa). - Hayaang mag-eksperimento ang mga mag-aaral sa iba't ibang kombinasyon ng mga titik na kanilang	- Balikan ang titik Tt at ang tunog nito. Tanungin ang mga mag-aaral: <i>Ano-anong mga salita ang mabubuo mula sa iba't ibang kombinasyon ng titik Tt, Kk, at Ll gamit ang patinig (a, e, i, o, u)?</i> - Magbigay ng mga halimbawa (takbo, tula, tuktok). - Hayaang mag-eksperimento ang mga mag-aaral sa iba't ibang kombinasyon ng	- Balikan ang titik Kk at Ll at ang tunog nito. Tanungin ang mga mag-aaral: <i>Ano-anong mga salita ang mabubuo mula sa iba't ibang kombinasyon ng titik Kk at Ll dito sa bago nating pinag-uusapang titik Nn at Gg gamit ang patinig (a, e, i, o, u)?</i> - Magbigay ng mga halimbawa (kulang, kiling, galing, at iba pa) - Hayaang mag-eksperimento ang mga mag-aaral sa iba't ibang





		mabubuo, kahit hindi ito ganap na salita.	mga titik na kanilang mabubuo, kahit hindi ito ganap na salita.	kombinasyon ng mga titik na kanilang mabubuo, kahit hindi ito ganap na salita.
Tahasang Pagtuturo ng Tunog ng Titik at Gamit ng mga Salita 15-20 min	• Ipakita ang <i>flashcard</i> ng titik Uu. Ituro sa mga mag-aaral ang tamang buka ng bibig, posisyon ng dila, maging ang hanging lumalabas sa bibig upang masambit ang tunog ng titik Uu. • Ipasulat sa hangin ang malaki at maliit na titik Uu. • Ipasulat sa pisara ang mga salitang binilugan sa Gawain 1. • Ipakilala ang <i>sight word</i> na Ang at bigyang-diin ang gamit nito bilang bahagi ng pangungusap.	• Isagawa ang pagsasanay sa <i>sound blending</i> gamit ang mga salitang nagsisimula sa titik T na may paggamit ng CVC, CCVC, at CCVCV <i>pattern</i> kung kinakailangan Hal: (cvc) – tum (ccvc) – trum (ccvcv) – trumpo • Gabayan ang mga mag-aaral sa pagbanggit ng mga salita gamit ang mga <i>flashcards</i> (tren, troso, tao, at iba pa). • Ipakilala ang <i>sight word</i> na Mga at ituro ang tamang pagbigkas nito. Ipaliwanag na ito ay binubuo ng dalawang pantig (ma-nga), ngunit binibigkas nang mabilis. • Ipasubok sa mga mag-aaral na pagsamahin ang <i>sight word</i> na mga at salitang nagsisimula o	• Ipakita ang <i>flashcard</i> ng titik Kk at Ll. Ituro sa mga mag-aaral ang tamang buka ng bibig, posisyon ng dila, maging ang hanging lumalabas sa bibig upang masambit ang tunog ng titik Kk at Ll. • Ipasulat sa hangin ang malaki at maliit na titik Kk at Ll. • Ipasulat din ito sa pisara. • Ipakilala ang <i>sight word</i> na sa at bigyang-diin ang gamit nito bilang bahagi ng pangungusap.	• Isagawa ang pagsasanay sa <i>sound blending</i> gamit ang mga salitang nagsisimula sa titik Nn at Gg na may paggamit ng C, CV, CVC, CVCV, at CVCVC <i>na pattern</i>. Hal para sa Nn: Hal: (c) – n (cv) – na (cvc) – nan (cvcv) – nana (cvcvc) – nanay Hal para sa Gg: Hal: (c) – g (cv) – ga (cvc) – gab (cvcv) – gaba (cvcvc) – gabay • Gabayan ang mga mag-aaral sa pagbanggit ng mga salita gamit ang mga <i>flashcards</i> (nabali,





		may tunog ng titik Tt. Halimbawa: mga tren, mga trumpo		Neneng, hinog, at iba pa). • Ipasubok sa mga mag-aaral na gamitin ang <i>sight words</i> na ito at ay sa salitang nagsisimula o may tunog ng titik Nn at Gg. Halimbawa: Ito ay gatas. Ito ay nabago.
Pagsasanay sa Kamalayang Ponolohikal 10 min	• Pagsasanay ng paggamit ng Aliterasyon: Magpapalitan ng pagbigkas ng mga salitang nagsisimula o may tunog ng titik Uu (ulan, unti-unti, umuusbong, ulap, at umiinit). • Pagsasanay sa pagbibigay ng katawagan mula sa mga <i>flashcard</i> na ipapakita ng guro (ube, upo, ulo, at iba pa) • Sanayin ang mga mag-aaral sa pagkilala at pagbibigay ng tamang katawagan sa mga larawang ipinakikita sa mga <i>flashcard</i> (hal. Ube, upo, ulo, at iba pa).	• Pagsasanay ng paggamit ng Aliterasyon: Magpapalitan ng pagbigkas ng mga salitang nagsisimula/may tunog ng titik Tt (hal: unti-unting umiinit ang trumpo; tatlong tulingan tumatawa) • <i>Word sorting:</i> a. Mga salitang nagsisimula sa tunog ng Tt at b. mga salitang may tunog ng titik Tt. Gamitin ang Gawain 1: Pagpapangkat ng mga salita na nasa LAS. • Isagawa ang gawain sa pagpapangkat ng mga salita batay sa kinalalagyan ng tunog /t/.	• Pagsasanay ng paggamit ng Aliterasyon: Mula sa mga salitang nabanggit sa awiting “Leron Leron Sinta,” ipahanap sa mga mag-aaral ang mga salitang kasintunog nito. Ipagawa ang Gawain 1: Ayusin at Pagsama-samahin, na makikita sa LAS. Wastong Sagot: 1. Leron - Lebron Iason 2. buslo – lilo lolo 3. dulo – lako ligo 4. kapos – kilos kuskos 5. kapalaran – kalagayan katiyagaan	• Pagsasanay ng paggamit ng Aliterasyon: Magpapalitan ng pagbigkas ng mga salitang nagsisimula/may tunog ng titik Nn at Gg Halimbawa (Nn) - Naglalaro ng niyog si Nena noong Nobyembre. Halimbawa (Gg) – Gumawa ng gatas si Gina gabi-gabi.





Pagkilala at Pagkatuto ng Sight Words at Pagsasanay ng Katatasan sa Pagbasa 5 min	• Magsagawa ng <i>choral reading</i> o sabayang bigkas ng <i>sight word</i> na ang. • Ipasulat ito sa hangin at sa pisara upang matandaan ng mga mag-aaral.	• Magsagawa ng <i>flashcard drill</i> at mabilisang pagbasa sa mga pariralang may <i>sight word</i> na mga (halimbawa: mga trumpo, mga lata, mga tula). • Gamitin ang mga salita mula sa Gawain 1 na nasa LAS.	• Gabayan ang mga mag-aaral sa pagbasa ng mga pangungusap na may kasamang <i>sight word</i> na sa. (Halimbawa: sa dulo, sa kapayapaan, sa katiyagaan, at iba pa) • Hikayatin ang mga mag-aaral na isulat ito sa kanilang kuwaderno.	• Magsagawa ng <i>flashcard drill</i> at mabilisang pagbasa sa mga pariralang may <i>sight words</i> na ito at ay. Halimbawa: Ito ay goma. Ito ay gabi. Ito ay naylon. Ito ay nakita.
Pagpapaunlad ng Katatasan sa Pagbasa at Pag-unawa gamit ang Laro o Interaktibong Gawain 5 min	• Pabunutin ang mga mag-aaral ng kategorya sa loob ng kahon (pagkain, lugar, pangyayari, bagay, o hayop). • Kinakailangan na magbigay ang mga mag-aaral ng salitang nagsisimula sa titik Uu o may tunog ng titik Uu ayon sa nabunot na paksa. • Ipasulat sa loob ng kanilang kuwaderno. Gabayan sila sa pagsusulat ng mga salita. • Sabuhan ang mga mag-aaral na lagyan ito ng	• Treasure Hunt: Itago ang mga <i>flashcard</i> ng mga salitang nagsisimula sa titik Tt sa paligid ng silid-aralan. • Ipahanap sa mga mag-aaral ang mga <i>flashcards</i> na may tunog na /t/. • Kapag nahanap nila ang isang <i>flashcard</i>, ipabigkas sa kanila ang salita at tukuyin ang tunog ng titik Tt. • Gamitin din ang <i>sight word</i> na mga karugtong ng nahanap na salita.	• Word Hunt: Ipahanap sa mga mag-aaral ang mga nawawalang salita sa bawat pangungusap. Sabihin sa mga mag-aaral na kailangang magsimula ang kanilang sagot sa salitang sa. • Halimbawa: <i>Ang mga lobo ay nakikita sa kakahuyan.</i> • Ipagawa ang Gawain 1B na makikita sa LAS. Wastong sagot: 1. sa kabayo 2. sa kubeta 3. sa Laguna 4. sa Luneta	• Ipabuo sa mga mag-aaral ang mga pangungusap sa pamamagitan ng pagpili ng tamang salita sa loob ng kahon. Gamitin ang larawan bilang gabay. Isulat ang sagot sa patlang. Ipagawa ang Gawain 1A na makikita sa LAS. Wastong sagot: 1. gulay 2. nakuha 3. ngipin 4. nawala 5. gulong 6. gabi





	salitang ang kasunod ang salitang kanilang ibinigay. Hal: ang ube (pagkain); ang ukulele (bagay)		5. sa kamandang	I-trace ang mga sight words na ito at ay na makikita sa Gawain 1 ng LAS.
Panapos na Gawain/Pagninilay	- Tanungin ang mga mag-aaral: - Kumusta ang inyong pagkatuto sa araw na ito? - Saan kayo nadalian? Nahirapan? - Ano ang inyong mga katanungan? - Magbigay ng positibong puna at hikayating isapraktika ang natutuhan sa pang-araw-araw na buhay.	Repleksiyon: Ano ang mga bagong salita na inyong natutuhan? Subuking gamitin ito sa sariling pangungusap. <i>Opsiyonal:</i> Magbigay ng "Word Champion" sticker bilang gantimpala.	Repleksiyon: Paano nakatulong sa inyo ang pag-aaral ng titik Kk at Ll? Maaari ba kayong sumulat ng dalawang salitang nagsisimula sa titik Kk at Ll?	Repleksiyon: Ano ang mga bagong salita na inyong natutuhan? Subuking gamitin ito sa sariling pangungusap. <i>Opsiyonal:</i> Magbigay ng "Word Champion" sticker bilang gantimpala.
Gawaing Pagpapahusay / Takdang Aralin	Takdang aralin: Maglista ng limang (5) salitang nagsisimula sa titik Uu na matatagpuan sa loob ng inyong bahay. - Ipasagot ang Gawain 2, na makikita sa LAS.	Takdang aralin: Maglista ng mga bagay o pangalan ng tao na nagsisimula sa titik Tt. - Hikayatin ang mga mag-aaral na magpraktis sa pagbabasa at pagsulat ng <i>sight word</i> mga sa bahay.	Takdang aralin: Maglista ng tigtatatlong salita na nagsisimula sa titik Kk at Ll na makikita sa bahay o paligid. - Hikayatin ang mga mag-aaral na magpraktis sa pagbabasa at pagsulat	Takdang aralin: Maglista ng limang bagay na nagsisimula sa titik Nn at Gg na makikita sa paligid ng bahay o paaralan. - Ipraktis sa bahay ang pagbabasa at pagsulat ng <i>sight words</i> ito at ay gamit





			ng sight word sa sa bahay.	ang simpleng pangungusap.
--	--	--	-----------------------------------	---------------------------



ARAL-Reading	☒ Basic	KEY STAGE	☐ 2 ☒ 3	Intervention Week	3
Focus	Syllable Manipulation (clapping, deleting, blending)			Language	☒ Filipino ☐ English

MGA PAMAMARAAN SA PAGTUTURO (TUTORIAL PROCEDURES)				
	UNANG SESYON (SESSION ONE)	IKALAWANG SESYON (SESSION TWO)	IKATLONG SESYON (SESSION THREE)	IKAAPAT NA SESYON (SESSION FOUR)
Pokus na mga Titik/Tunog/Salita	Titik at Tunog: Ng at P Sight word: Ako	Titik at Tunog: R at D Sight word: Ikaw	Titik at Tunog: H at N Sight word: si, at	Balik-aral: Ng, P, R, D, H, N Sight word: may
Mga Layunin	- Napapantig ang mga salitang naglalaman ng mga titik Ng at P. - Nababasa ang mga salitang naglalaman ng mga titik Ng at P. - Nakikilahok sa mga interaktibong gawain sa pagbuo ng mga salita sa pamamagitan ng pagpapantig.	- Napapantig ang mga salitang naglalaman ng mga titik R at D. - Nababasa ang mga salitang naglalaman ng mga titik R at D. - Nakikilahok sa mga interaktibong gawain sa pagbuo ng mga salita sa pamamagitan ng pagpapantig.	- Napapantig ang mga salitang naglalaman ng mga titik H at N. - Nababasa ang mga salitang naglalaman ng mga titik H at N. - Nakikilahok sa mga interaktibong gawain sa pagbuo ng mga salita sa pamamagitan ng pagpapantig.	- Napapantig ang mga salitang naglalaman ng mga titik Ng, P, R, D, H, N. - Nababasa ang mga salitang naglalaman ng mga titik Ng, P, R, D, H, N. - Nakikilahok sa mga interaktibong gawain sa pagbuo ng mga salita sa pamamagitan ng pagpapantig.
Mga Kagamitan	Larawan o gamit ng mga bagay na mayroong Ng at P (flashcards) Whiteboard and marker	Larawan o gamit ng mga bagay na mayroong R at D (flashcards) Whiteboard and marker	Larawan o gamit ng mga bagay na mayroong H at N (flashcards) Whiteboard and marker	Larawan o gamit ng mga bagay na mayroong Ng, P, R, D, H, at N (flashcards) Whiteboard and marker





Panimula at Sosyo-Emosyonal na Gawain 5 min	• Magiliw na batiin ang mga mag-aaral. • Simulan ang aralin sa isang tanong: "Ano ang nararamdaman mo ngayon?" • Maaari rin na sabihan ang mga mag-aaral na gumuhit ng emoji o simpleng salita sa kanilang nararamdaman. • Itanong: "Ano ang ginagawa mo kapag ikaw ay sabik o kinakabahan?" Ito ay magsisilbing panimula sa kahalagahan ng pamamahala sa sarili.	• Magiliw na batiin ang mga mag-aaral. • Simulan ang aralin sa pagsasabi ng pangako sa sarili. • Hayaang magsabi ng pangako ang mga mag-aaral para sa araw na iyon. Halimbawa: "Ang pangako ko po ngayong araw ay makikinig ako nang mabuti sa pagbabasa." • Itong pangako ay magtuturo sa mga mag-aaral ng "self-efficacy" upang matuto sa kanilang kakayahan bilang mambabasa.	• Magiliw na batiin ang mga mag-aaral. • Simulan ang aralin sa pagbati sa kasamahan sa programa. <i>"Batiin mo ang katabi mo gamit ang isang ngiti at sabihing, 'Magandang araw, handa ka na ba?'"</i> • Ito ay makatutulong palakasin ang koneksyon sa pagitan ng mga mag-aaral.	• Magiliw na batiin ang mga mag-aaral. • Magkaroon ng <i>breathing exercises</i> para sa panimulang gawain. Hinga, Basa, Saya Pagsisimula: <i>"Umupo nang tuwid. Ipikit ang mga mata o tumingin sa isang tahimik na bahagi ng silid."</i> Paghinga: <i>"Huminga tayo nang dahan-dahan... Huminga papasok (inhale) sa bilang na 1...2...3... Huminga palabas (exhale) sa bilang na 1...2...3..."</i> (Ulitin ng 2–3 beses) Pag-uugnay sa Pagbabasa: <i>"Sa bawat paghinga, isipin mo ang saya ng pagbabasa."</i>
--	--	---	---	--





				<i>Isipin mo ang mga kuwento na nagpapangiti sa iyo. Isipin mong bawat hinga ay paghahanda sa isang bagong pakikipagsapalaran sa libro."</i> Pagwawakas: <i>"Ngayon, dahan-dahang idilat ang mga mata. Handa ka na bang magbasa at matuto? Ngumiti kung oo."</i>
Pakikinig at Pagpapaunlad ng Wika sa pamamagitan ng Pagkukuwento 10 min	Magkaroon ng dugtungang kuwento na hihikayat sa mga mag-aaral na mabanggit ang mga pokus na mga titik Ng at P (maaaring tungkol sa: araw-araw na gawain (<i>routine</i>), pagdiriwang, paglalakbay, kalikasan, pamilya, pagkain, atbp.) Halimbawang simula ng dugtungang kuwento na may pokus sa Ng at P:	- Magpakita ng isang larawan na nagsisimula sa R at D. - Bumuo ng isang maikling paglalarawan na maaaring maihalintulad sa personal na karanasan. Halimbawa: Damit Ako ay binilhan ng bagong damit ng aking Tita. - Hikayatin ang mga mag-aaral na tukuyin ang mga salitang may	- Magpakinig ng kantang "Hinahanap-Hanap Kita" ng Rivermaya gamit ang <i>speaker</i> o <i>audio device</i>. - Ipaalala sa mga mag-aaral na bigyang pansin ang mga salitang may tunog /h/ at /n/ habang nakikinig. "Hinahanap-Hanap Kita" ng Rivermaya Lyrics Sa umaga't sa gabi	- Sanayin ang aktibong pakikinig at pag-unawa sa konteksto. - Sabihin ang isang maikling kuwento o pangungusap at ihinto bago ang huling bahagi. Halimbawa: <i>"Sumakay ng jeep si Ana kasama si _____. Dala-dala niya ang kaniyang _____."</i>





	Ngiting Panimula, Ngayong Araw! Tuwing umaga, ako ay nakangiting _____. Bago pa man sumikat ang araw ay gising na ako upang magwalis sa paligid ng bahay. Matapos mag-agahan, _____ bitbit ang payong at bag na may lamang _____ papuntang paaralan. - Isulat sa pisara ang mga salitang nabanggit na may tunog /ng/ at /p/. - Ipapapantig sa mga mag-aaral ang mga salitang nasa pisara. - Halimbawa: ngi-ti pa-li-gid nga-yon pag-ka-in - Hikayatin ang mga mag-aaral na tukuyin ang mga salitang may	tunog /r/ at /d/ sa pamamagitan ng pagsagot sa Gawain 1: Kuwento Ko, Patiningi Mo! na makikita sa <i>Learner's Workbook</i>. Sagot sa Gawain 1: - Rosa - Ro-sa - rosas - ro-sas - dinidiligan - di-ni-di-li-gan - dahon - da-hon - dali-daling - da-li-da-ling	Sa bawat minutong lumilipas Hinahanap-hanap kita Hinahanap-hanap kita Sa isip at panaginip Bawat pagpihit ng tadhana Hinahanap-hanap kita, ah (H: hinahanap-hanap) Spoken section: "Pilit ko mang ika'y limutin, lagi kong natatagpuan ang iyong tinig at awitin" (N: natatagpuan) - Maaaring gawing halimbawa ang ilang salita na nasa gitna ang tunog ng titik H at N Halimbawa: panaginip tadhana - Isulat sa pisara ang mga salita. - Hikayatin ang mga mag-aaral na ibahagi sa klase ang kanilang sagot at obserbasyon	Hayaang hulaan ng mga mag-aaral ang nawawalang salita.
--	--	--	---	--





	tunog /ng/ at /p/ sa pamamagitan ng pagsagot sa Gawain 1: Tuklasin ang Tunog na makikita sa <i>Learner's Workbook</i>. Sagot sa Gawain 1: - ngayon - pumunta - palengke - pagkain - pamilya		sa liriko upang maipahayag ang kanilang damdamin at pag-unawa sa kanta. Bigyang-diin ang tamang pagbigkas ng mga salitang may tunog /h/ at /n/.	
Pagbabalik-aral sa mga Titik at Salita mula sa Nakaraang Sesyon 5 min	- Ipakita muli ang mga titik na tinalakay na sa mga nakaraang sesyon. - Magkaroon ng masayang balik-aral sa mga salitang may ganitong mga titik sa pamamagitan ng: - Pagpapaalala sa mga dating natutuhang salita - Pagpalakpak ng pantig ng mga ito - Paglalarawan o paggamit ng salita sa pangungusap	- Ipakita muli ang mga titik na tinalakay na sa mga nakaraang sesyon (Ng at P). - Magbigay ng mga halimbawa (ngayon, nguya, ngunit, pormal, panahon, at iba pa). - Magkaroon ng masayang balik-aral sa mga salitang may ganitong mga titik sa pamamagitan ng: - Pagpapaalala sa mga dating natutuhang salita - Pagpalakpak ng pantig ng mga ito o iba pang	- Ipakita muli ang mga titik na tinalakay na sa mga nakaraang sesyon (R at D). - Magbigay ng mga halimbawa (rambutan, rolyo, dalangin, diwata, at iba pa). - Magkaroon ng masayang balik-aral sa mga salitang may ganitong mga titik sa pamamagitan ng: - Pagpapaalala sa mga dating natutuhang salita - Pagpalakpak ng pantig ng mga ito o iba pang pagpapakita ng	- Ipakita muli ang mga titik na tinalakay na sa mga nakaraang sesyon (H at N). - Magbigay ng mga halimbawa (Hapon, halimbawa, numero, niyog at iba pa). - Magkaroon ng masayang balik-aral sa mga salitang may ganitong mga titik sa pamamagitan ng: - Pagpapaalala sa mga dating natutuhang salita - Pagpalakpak ng pantig ng mga ito o iba pang pagpapakita ng





		pagpapakita ng pantig. c. Paglalarawan o paggamit ng salita sa pangungusap	pantig. Hayaang maging malikhaing ang mag-aaral. c. Paglalarawan o paggamit ng salita sa pangungusap Hikayatin ang mga mag-aaral na tukuyin ang mga tunog sa pamamagitan ng pagsagot sa Gawain 1: Tunog Tuklas! na makikita sa <i>Learner's Workbook</i>.	pantig. Hayaang maging malikhaing ang mag-aaral. c. Paglalarawan o paggamit ng salita sa pangungusap
Tahasang Pagtuturo ng Tunog ng Titik at Gamit ng mga Salita 15-20 min	- Ipakilala ang konsepto ng pantig sa pamamagitan ng pagpalakpak ng kamay para sa bawat pantig ng mga simpleng salita (hal. "puno" = 2 palakpak, ngu-nit = 2 palakpak). - Ipakita ang mga titik Ng at P sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga halimbawa ng salitang may ganitong mga titik. - Lagyan ng kilos ang bawat titik para madaling matandaan.	- Ipakilala ang konsepto ng pantig sa pamamagitan ng pagpalakpak ng kamay para sa bawat pantig ng mga simpleng salita (hal. "daan" = 2 palakpak, ro-le-ta = 3 palakpak). - Ipakita ang larawan na nagsisimula sa titik R at D. Magsimulang ipantig sa pamamagitan ng palakpak. - Lagyan ng kilos ang bawat titik para madaling matandaan.	- Sa pamamagitan ng laro, sabihin ang mga <i>clues</i> na naglalarawan sa <i>mystery image</i>. - Atasan ang isang mag-aaral na magbigay ng pangalan ng larawang tinutukoy. - Ang ibang mga kasama ay ipapantig ang nahulaang pangalan ng <i>mystery image</i>. - Lagyan ng kilos ang bawat titik para madaling matandaan.	- Bilang balik-aral sa mga titik naituro sa mga naunang araw, ipabanggit ang tunog ng mga titik Ng, P, R, D, H, at N. - Hikayatin ang mga mag-aaral na magbigay ng iba't ibang halimbawa. - Magpakita ng mga salita at hayaan ang mga mag-aaral na ipantig ang mga ito. Halimbawa:





	Halimbawa: Ang titik P ay nagsasabing, “puh”, “puh” kasabay ang pagpitik ng daliri. - Pagdugtungin ang tunog ng katinig at patinig (blend) upang makabuo ng isang pantig. Hal. p + a = /pa/ - Bigyang pansin ang mga pokus na titik (Ng at P). - Hikayatin ang mga mag-aaral na magbigay ng sariling halimbawa mula sa pokus na titik at pagkatapos ay ipapantig ang mga ito.	Halimbawa: Ang titik D ay nagsasabing, “duh”, “duh” kasabay ang pagtapik ng iyong hita. Ang titik R ay nagsasabing, “rrr”, “rrr” kasabay ang pagtaas ng balikat. - Pagdugtungin ang tunog ng katinig at patinig (blend) upang makabuo ng isang pantig. Hal. d + a = /da/ r + a = /ra/ - Bigyang pansin ang mga pokus na titik (R at D). - Hikayatin ang mga mag-aaral na magbigay ng sariling halimbawa mula sa pokus na titik at pagkatapos ay ipapantig ang mga ito.	Halimbawa: Ang titik H ay nagsasabing, “hhh”, “hhh” kasabay ang pagpitik ng daliri. Ang titik N ay nagsasabing, “nnn”, “nnn” kasabay ang pagsara ng daliri. - Pagdugtungin ang tunog ng katinig at patinig (blend) upang makabuo ng isang pantig. Hal. h + a = /ha/ n + a = /na/ - Bigyang pansin ang mga pokus na titik (H at N). - Hikayatin ang mga mag-aaral na magbigay ng sariling halimbawa mula sa pokus na titik at pagkatapos ay ipapantig ang mga ito.	nga-yon pa-la-yok rol-yo da-hon ha-la-man ni-yog Magbigay pa ng ibang halimbawa para sa <i>mastery of the skill</i>.
Pagsasanay sa Kamalayang Ponolohikal	Simulan sa mga madaling halimbawa, tulad ng palakpak ng	Magpakita ng mga salita at pipili ang mga mag-aaral kung ito ba ay nagsisimula sa titik R	Hatiin ang klase sa dalawang grupo: “Team H” at “Team N”.	Gawain: “Ano ang Unang Tunog?” Mga Kagamitan:





(Phonological Awareness Skill-Building) 10 min	pantig ng mga salitang "puno" at "dahon." • Unti-unting magbigay ng mas komplikadong salita tulad ng "pangalan" at "nganga." • Magbigay-gabay at puna sa mga mag-aaral. Hikayatin ang mga mag-aaral na ibahagi kung ano ang kanilang nararamdaman habang ginagawa ang aktibidad.	o D sa pamamagitan ng pagtaas ng tamang titik (o pagturo rito). • Ilagay ang titik R at D sa magkabilang dulo ng silid. • Maaaring ulitin ang mga naunang halimbawa para sa mastery ng mag-aaral. • Banggitin ang isang salita. Pupunta ang mag-aaral sa panig kung saan naroon ang tamang titik.	• Kapag binanggit ang isang salita, ang tamang grupo lang ang tatayo o sisigaw ng "Ako 'yan!'" • Maaaring ulitin ang mga naunang halimbawa para sa mastery ng mag-aaral.	1. <i>Flashcards</i> ng mga titik: Ng, P, R, D, H, N 2. Larawan ng mga bagay na may kaugnayan sa bawat tunog • Ipakita ang isang larawan sa klase. • Itanong: "Anong bagay ito?" (Halimbawa: rosas) "Anong tunog ang narinig mo sa simula ng salitang rosas?" • Hayaang pumili ang mga mag-aaral mula sa mga titik <i>flashcards</i>: Ng, P, R, D, H, N • Kailangang itaas o ituro ng mag-aaral ang tamang titik. • Bigyan ng simpleng gantimpala (hal: bituin o palakpak) kapag tama ang sagot.
Pagkilala at Pagkatuto ng Sight Words at Pagsasanay ng Katatasan sa Pagbasa	Sabihin: Gumuhit ng larawan ng iyong sarili at sabihing: "AKO ay si ____."	Sabihin: Gumuhit ng larawan ng kaibigan at sabihing: "IKAW ay si ____."	Sabihin: Humanap ng kapartner at kumpletuhin ang mga pangungusap. Mag-aaral A: Sino siya?	Ipabasa nang malakas sa mga mag-aaral ang sumusunod: 1. May aso ako. 2. May tubig sa mesa.





(Sight Word Recognition and Fluency Practice) 5 min	Ipabasa ang maikling pangungusap na may salitang AKO. 1. Ako ay mabait. 2. Ako ay masaya. 3. Ako ay naglalaro. 4. Ako ay kumakain.	Ipabasa ang maikling pangungusap na may salitang IKAW. 1. Ikaw ay matalino. 2. Ikaw ay kaibigan ko. 3. Ikaw ay maganda.	Mag-aaral B: Si ___ ay kaibigan ko. Mag-aaral A: Ano ang ginagawa ni ___? Mag-aaral B: Si ___ ay naglalaro. Magbigay ng halimbawa ng simpleng pangungusap na may salitang AT. Isulat ito sa pisara. Ipabasa at pabilugan sa mga mag-aaral ang salitang AT sa loob ng pangungusap. Halimbawa: Ako at si kuya ay naglalaro.	3. May bag si Bel. 4. May bola si kuya. Hikayatin ang mga mag-aaral na pumili ng tamang salita na bubuo sa pangungusap sa pamamagitan ng pagsagot sa Gawain 1: Hanapin sa Kahon na makikita sa <i>Learner's Workbook</i>.
Pagpapaunlad ng Katatasan sa Pagbasa at Pag-unawa gamit ang Laro o Interaktibong Gawain (Fluency and Comprehension through Play-Based Practice) 5 min	"Ng o P? Hanapin mo!" (Sorting Game) Paraan: • Maghanda ng mga <i>flashcards</i> na may larawan at salitang nagsisimula sa Ng at P. • Igrupo ang mga mag-aaral sa dalawa: "Team Ng" at "Team P." Isa-isang ipakita ang <i>flashcards</i> sa bawat grupo.	"R o D Treasure Hunt!" Mga Kagamitan: • Maliit na mga laruan o larawan ng mga bagay na nagsisimula sa R at D Halimbawa: R: rosas (larawan o plastic na bulaklak), ribon, relo, robot, radyo D: daga (laruan), dahon, duyan (larawan), doktor (larawan ng taong	"H o N Sound Hunt!" Mga Kagamitan: • <i>Blindfold</i> • Mga larawan o laruan ng mga sumusunod: H: halaman, higaan, hikaw, hamburger, hangin N: niyog, nanay (larawan), nene, nilaga, nobena Paraan ng Paglalaro: • Mystery Sound:	"Unang Tunog, Unang Takbo!" • Ipakalat ang mga titik sa sahig o mesa. • Banggitin ang salita (hal. dahon). • Ang mga mag-aaral ay kailangan mag-unahan sa pagkuha ng tamang titik.





	- Kapag nakita ng mga mag-aaral ang salita o larawan na nagsisimula sa kanilang titik, hikayatin silang iangat ang <i>flashcard</i> o pumunta sa harap. - Bigyan ng papuri o <i>sticker</i> ang bawat tamang sagot.	doktor), diyamante (plastic gem) - Dalawang kahon o basket na may label: "R" at "D" Paraan ng Paglalaro: - Ilagay ang mga bagay sa isang sulok ng silid (maaaring nakakalat o nasa isang tray). - Ipaliwanag ang misyon: "Kayo ay magiging mga 'Tagahanap ng Tunog'! Hanapin ang isang bagay, pangalanan ito, at ilagay sa tamang kahon — 'R' kung nagsisimula sa /r/ at 'D' kung nagsisimula sa /d/!" - Ang bawat mag-aaral ay pipila at isa-isa kukuha ng isang bagay, sasabihin ang pangalan nito nang malakas, at ilalagay sa tamang kahon. - Ulitin hanggang maubos ang mga bagay o matapos ang lahat.	Maglagay ng <i>blindfold</i>. labot sa isang mag-aaral ang bagay at hayaan hulaan at pangalanan kung anong tunog nagsisimula ang bagay.	
--	--	--	--	--





